Buod ng Mga Programa ng Tulong Pinansyal

Inilalarawan ng Patakaran sa Tulong Pinansyal ng Dignity Health ang mga programa ng tulong pinansyal na makukuha ng mga pasyenteng walang insurance o kulang ang insurance na nakakatugon sa ilang partikular na kinakailangan kaugnay ng kita upang tumulong sa pagbabayad ng mga medikal na kinakailangang serbisyo sa ospital na ibinibigay ng Dignity Health. Ang pasyenteng walang insurance ay isang taong walang saklaw sa kalusugan, sa pamamagitan man ng pribadong insurance o isang programa ng pamahalaan, at walang karapatang makatanggap ng reimbursement mula sa kahit sino para sa kanyang mga bill sa ospital. Ang pasyenteng kulang ang insurance ay isang taong may saklaw sa kalusugan, ngunit may napakalalaking bill sa ospital na hindi saklaw nang buo ng kanyang insurance.

Libreng Pangangalaga

- Kung wala kang insurance o kulang ang iyong insurance at ang kita ng iyong pamilya ay hanggang 200% ng Antas ng Kahirapan ayon sa Pederal na Pamahalaan, maaaring kwalipikado kang makatanggap ng mga serbisyo sa ospital nang hindi mo kinakailangang magbayad.

May Diskwentong Pangangalaga

- Kung wala kang insurance o kulang ang iyong insurance at ang taunang kita ng iyong pamilya ay nasa 200-350% ng antas ng Kahirapan ayon sa Pederal na Pamahalaan, maaaring kwalipikado kang maibaba ang iyong mga bill para sa mga serbisyo sa ospital sa pinakamalaking halagang makatwirang maaasahan na babayaran ng tagapagbayad mula sa pamahalaan, na karaniwan ay ang halagang babayaran ng Medicare para sa mga parehong serbisyo.
- Kung wala kang insurance o kulang ang iyong insurance at ang taunang kita ng iyong pamilya ay nasa 350-500% ng antas ng Kahirapan ayon sa Pederal na Pamahalaan, maaaring kwalipikado kang maibaba ang iyong mga bill para sa mga serbisyo sa ospital sa Halagang Karaniwang Sinisingil, na isang halagang nakatakda sa ilalim ng batas pederal na kumakatawan sa halagang binayaran dapat ng mga pribadong taga-insure ng kalusugan at Medicare sa ospital (kasama na ang mga co-pay at binabawas) para sa mga serbisyong medikal na kinakailangan.

Kung kwalipikado kang makatanggap ng tulong pinansyal ayon sa aming Patakaran sa Tulong Pinansyal, hindi hihilingin sa iyo na magbayad ka nang lampas sa Halagang Karaniwang Sinisingil na inilarawan sa itaas. Kung kwalipikado ka, maaari ka ring humiling ng pinalawig na plano ng pagbabayad na walang interes.

Hinding-hindi hihilingin sa iyo na magbayad ka nang maaga o magkaroon ka ng iba pang mga kasunduan sa pagbabayad upang makatanggap ka ng mga serbisyong pang-emergency.

Ang mga libreng kopya ng Patakaran sa Tulong Pinansyal at mga form ng aplikasyon para sa tulong pinansyal ng ospital ay makukuha online sa website ng iyong ospital na nakalista sa ibaba o sa mga lugar para sa pag-admit sa ospital na malapit sa main entrance. (Sundan ang mga karatula papunta sa “Admitting” o “Registration”). Maaari ding magpadala sa iyo ng mga kopya ng mga dokumentong ito kapag hiniling mo kung tatawag ka sa Mga Serbisyong Pinansyal para sa mga Pasyente sa numero ng telepono na nakalista sa ibaba para sa iyong ospital.

Traducción disponible: Maaari ka ring kumuha ng pagsasalin ng mga dokumentong ito sa Spanish at iba pang mga wika sa website ng iyong ospital, sa lugar para sa Pag-admit sa iyong ospital o sa pamamagitan ng pagtawag sa numero ng telepono ng iyong ospital.

Ang mga Tagapayong Pinansyal ng Dignity Health ay nakahandang sumagot ng mga tanong, magbigay ng impormasyon tungkol sa aming Patakaran sa Tulong Pinansyal at tumulong na gabayan ka sa proseso ng aplikasyon para sa tulong pinansyal. Ang aming staff ay nasa lugar para sa pag-admit sa ospital at makakaugnayan sa pamamagitan ng numero ng telepono na nakalista sa ibaba para sa iyong ospital.

Bakersfield Memorial Hospital 420 34th St., Bakersfield, CA 93301 | **Pagpapayong Pinansyal** 661-327-4647 ext 4692
Mga Serbisyong Pinansyal para sa mga Pasyente 866-397-9272 | www.dignityhealth.org/bakersfieldmemorial/paymenthelp

Mark Twain 768 Mountain Ranch Rd, San Andreas, CA 95249 | **Pagpapayong Pinansyal** 209-754-2622
Mga Serbisyong Pinansyal para sa mga Pasyente 866-397-9272 | www.dignityhealth.org/marktwainmedical/paymenthelp

Mercy Hospital Downtown 2215 Truxtun Ave, Bakersfield, CA 93301 | **Pagpapayong Pinansyal** 661-327-1792 ext 4692
Mga Serbisyong Pinansyal para sa mga Pasyente 866-397-9252 | www.dignityhealth.org/mercy-bakersfield/paymenthelp

Mercy Hospital Southwest 420 34th St, Bakersfield, CA 93301 | **Pagpapayong Pinansyal** 661-327-4647 ext 4692
Mga Serbisyong Pinansyal para sa mga Pasyente 866-397-9252 | www.dignityhealth.org/bakersfieldmemorial/paymenthelp

Mercy Medical Center 333 Mercy Ave, Merced, CA 95340 | **Pagpapayong Pinansyal** 209-564-5105
Mga Serbisyong Pinansyal para sa mga Pasyente 866-626-6583 | www.dignityhealth.org/mercymedical-merced/paymenthelp

St. Joseph’s Behavioral Health Center 2510 North California St, Stockton, CA 95204 | **Pagpapayong Pinansyal** 209-461-2000
Mga Serbisyong Pinansyal para sa mga Pasyente 866-397-9252 | www.dignityhealth.org/stjosephsbehavioral/paymenthelp

St. Joseph’s Medical Center 1800 North California St, Stockton, CA 95204 | **Pagpapayong Pinansyal** 209-461-5281
Mga Serbisyong Pinansyal para sa mga Pasyente 866-397-9272 | www.dignityhealth.org/stjosephs-stockton/paymenthelp

Dignity Health®